
REGIONE DEL VENETO | unicef | genitori più | Regione Lombardia ASL Milano

Versione Tagalog/Filippino


# Sama-sama para sa pagpapasuso ng gatas ng ina:

Pagtataguyod, proteksyon at pag-alalay.




## Ang Pagpapasuso batay sa kalikasan.

Ang pagpapasuso ng gatas ng ina para sa isang ina ay isang likas na paraan upang pakainin ang kaniyang anak at ito ay importanti para sa kalusugan ng ina, ng anak at para sa sosyedad.



## Upang maingatan mula sa palatastas.

Ang Kompanya ay makikilahok sa Layuning OMS UNICEF “Sama-sama para sa pagpapasuso ng gatas ng ina”, para sa Mabuting mga Pamamaraan na inaasahan ng maisasagawa sa mga organisasyon at balangkas na pangkalusugan. Ang Kompanya ay nakibilang sa Pandaigdig na Kodigo para sa Pakikipagkalakalan ng mga panghaliling gatas sa gatas ng ina sa Organisasyong Pangdaigdig ng Kalusugan (o WHO) na ingatan ang mga pamilya mula sa mga anomang uri ng pagtataguyod o palatastas na gumamit ng panghaliling gatas sa gatas ng ina, bote ng gatas at pasipayer. Ang mga taga-gawa ng mga ito ay nagbibigay ng alalay at impormasyong nakabatay sa pansariling ikabubuti ng kanilang pakikipagkalakalan.



## Upang maalalayan mula sa bahagi ng mga taga-gawa.

Upang matulungan kayo para sa pagkaing pangkalusugan ng inyong mga anak ang lahat ng mga kinauukulang manggagawang ay nakatanggap ng isang impormasyong nakatuon para sa pagpapasuso ng gatas ng ina at sa pagkaing pangkalusugan ng mga bata.




## Piliing may kaalaman.

Lahat ng mga magulang ay may karapatan pumili ng pagkaining pangkalusugan ng kanilang anak. Mula sa panahon ng inyong pagdadalangtao makakatanggap kayo mula sa aming mga manggagawa ng lahat ng mga praktikal na impormasyon at tulong na kinakailangan para sa inyong hinaharap na pagpapasuso ng gatas ng ina sa inyong anak. Mayroon bang mga malubhang dahilan na nagiging sanhi ng sagabal sa pagpapasuso ng gatas ng ina? Ang inyo bang naging desisyon ay iba? Makakatanggap kayo ng lahat ng mga impormasyon at alalay para sa pagkaing pangkalusugan na may katiyakan para sa inyong anak na ginagamitan ng panghaliling gatas.




## Ang Natural na Panganganak.

Sa ospital, sa araw ng panganganak maaaring ikaw ay samahan ng iyong kapareha o ng isang taong iyong pinagkakatiwalaan. Sa panahon ng iyong paghihilab ng tiyan bago lumabas ang bata maaari lumakad, uminom ng tubig at kumain ng mga pagkaing magaan lamang sa tiyan at magpalipas ng sakit na hindi gumagamit ng anomang medisina. Sa panganganak maaari kang pumili ng posisyong ninanais. Itinataguyod namin ang natural na panganganak: ang mga klinikal na pagsasagawa na maaaring isagawa at magagamit lamang kung kinakailangan at kayo ay mabibigyang-alam bago ito maisagawa.




## Nasa tabi … kaagad.

Gagawan namin ng paraan upang iyong mahawakan kaagad ang iyong anak na nasa tabi mo, na hubad na nakalapat sa iyong balat, “balat sa balat”. Sa ospital ang aming mga manggagawa ay magiging nasa inyong tabi upang alalayan at tulungan kayo sa unang pagpapasuso, na hindi nagmamadali. Ang pagkakataon na ito na inaalok ay maaari rin sa kasong panganganak na cesarian na sinagawaan ng anestisyang (epidural).




## Pagpapasuso ... sa paraang natural.

Sa aming paglilingkod matatanggap ninyo ang lahat ng tulong na kinakailangan upang maisagawa ang naaangkop na posisyon para sa tamang pagpapasuso ng bata sa inyong suso at upang maunawaan kung ang bata ay nakakakuha ng sapat na gatas. Kayo ay aming hinihikayat na magpasuso sa tuwing ang bata ay nagpapakita ng pagkagutom. Ang aming mga manggagawa ay magbibigay ng mga impormasyon ukol sa kung paano pisilin at palabasin ang gatas mula sa suso, isang paraan sa ilang pagsasagawa na napakahalaga (hal. Ang suso ay punong puno at sumasakit).




## Palaging nasa tabi mo ...

Nagsagawa kami ng paraan upang maaaring palaging nasa tabi mo ang iyong anak upang iyong makita ang kaniyang mga reaksyon at upang ikaw ay maaaring tumugon sa kaniyang mga pagpapahiwatig ng pagkagutom. Pati sa inyong paglabas sa ospital mahalagang nasa tabi mo palagi ang bata at magkasama kayong matutulog sa parehong kuwarto.



## ... walang maaaring maging sagabal.

Ipinapayo namin na iwasan ang paggamit ng pasipayer at panghalili sa suso habang ang bata ay nagsasanay sa pagsuso, sapagkat maaaring maging sagabal ito sa kaniyang paunang kaalaman sa pagsususo.



## Nabubukod-tanging pagpapasuso ng gatas ng ina sa loob ng 6 na buwan at ... pagpapatuloy.

Ang pagpapasuso ng gatas ng ina ay nabubukod-tangi hanggang sa anim na buwan ay napakahalaga. Makakatulong ito upang maunawaan kung kailan nakahanda na ang iyong anak sa pagkaing solido at ipapaliwanag namin kung paano ito sisimulan. Mahalaga na magpatuloy sa pagpapasuso ng gatas ng ina hanggang sa 2 taon at mahigit, kung nais pa ng bata at nais mo na magpatuloy.



## Makahanap ng tulong upang maalalayan.

Ang aming organisayon ay palaging nakahanda para sa iyong pangangailangan: magbibigay kami ng mga kaparaanan upang kami ay inyong mapahayagan. Magbibigay kami ng lista ng mga pangalan (grupo ng mga ina at manggagawa) na maaaring maging tulong at makakaalalay sa inyo pagpapasuso ng gatas ng ina, sa mga pagkaing pangkalusugan at para sa pangkalahatang pag-aalaga ng bata. Kung ikaw ay may pangangailangan huwag mag-atubiling humingi ng tulong.



## Maaaring magpasuso at maayang tinatanggap ... kahit saan.

Ang pagpapasuso ay maayang tinatanggap sa bawat lugar na pangpubliko ng kompanyang pangkalusugang ito. Kami ay nakatalaga para sa paghihikayat sa pagiging magiliw na pagpapauso ng mga ina sa kanilang anak sa bawat lugar na pangpubliko ng komunidad.

Ito ay isang maikling salin ng Pangasiwaang organisasyon para sa pagpapasuso at pagkaing pangkalusugan ng mga bata na batay sa "Sampung Hakbang para sa matagumpay na pagpapasuso ng gatas ng ina" at sa mga "Pitong Hakbang para sa isang Komunidad ng Kaibigan ng mga Batang Nakakatanggap ng pagpapasuso ng gatas ng Ina" - OMS / UNICEF
**Upang makatanggap ng isang saling pangkalahatan lumapit sa isang manggagawa namin.**

**Redazione a cura dell'ULSS 20 - Regione del Veneto, ASL di Milano e UNICEF Italia.** La riproduzione e l'utilizzo dei contenuti di questo documento è permessa, citando la fonte, purché ne venga fatto uso a scopo benefico, e non a fine di lucro, e in contesti in cui si rispetti il "Codice Internazionale OMS sulla commercializzazione dei sostituti del latte materno".